
2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan–Modyul 9: Pagbuo nang Wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 2**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 9: Pagbuo nang Wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Maria Monica C. Suarez |
| **Patnugot ng Wika:** | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| **Tagasuri:** | Edquel M. Reyes MLIS |
| | Alma T. Bautista PhD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| **Tagaguhit:** | Isagani D. Tique, Norman B. Cruz |
| **Tagalapat:** | Armando Deogines A. Garcia, Norman B. Cruz |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Ronilo Al K. Firmo PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Engr. Edgard C. Domingo PhD, CESO V |
| | Leondro C. Canlas PhD, CESE |
| | Elizabeth O. Latorilla PhD |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 8
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Filipino

Ikaapat na Markahan –
Modyul 9: Pagbuo nang Wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagbuo nang Wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagbuo nang Wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago tumungo sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung

tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa mg kaugnay na kompetensi. Kaya mo ito.

## Alamin

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makabubuo nang wasto at payak na pangungusap na may tamang ugnayan ng simuno at panaguri sa pakikipag-usap **(F2WG-IVg-j-8).**

## Subukin

Panuto: Iugnay ang panaguri na nasa Hanay B sa paksa na nasa Hanay A upang makabuo ng pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| ___1. Ang mga magsasaka | A. ay mabango. |
| ___ 2. Ang bahaghari | B. ay kilalang pagkaing Pilipino. |
| ___ 3. Ang telebisyon | C. ay may iba't ibang kulay. |
| ___ 4. Ang sampaguita | D. ay nagtatanim ng palay. |
| ___ 5. Ang Adobo | E. ay hugis parisukat. |

| Aralin 1 | Pagbuo nang Wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap |
|---|---|

Ang pangungusap ay salita o mga salita na nagsasaad ng buong diwa. Ito ay binubuo ng simuno at panaguri.

Ang simuno ay ang bahaging pinag-uusapan sa loob ng pangungusap. Ito ay nagsasabi kung ano o sino ang pinag-uusapan sa pangungusap. May mga panandang si at sina kapag tao ang simuno at ang o ang mga kapag ito bagay, lugar, o pangyayari. Samantalang ang panaguri ay ang bahagi ng pangungusap na ang nagsasabi, naglalarawan at nangyayari tungkol sa simuno.

Halimbawa ng simuno sa loob ng pangungusap:

1. Ang Bundok Arayat ay matatagpuan sa Pampanga.

   Anong bundok ang matatagpuan sa Pampanga?

   Ang Bundok Arayat

2. Si Manny Pacquiao ay kilalang boksingero sa buong mundo.

   Sino ang kilalang boksingero sa buong mundo?

   Si Manny Pacquiao

Halimbawa ng panaguri sa loob ng pangungusap:

1. Ang Bundok Arayat ay matatagpuan sa Pampanga.

Ano ang sinasabi tungkol sa Bundok Arayat?
**matatagpuan sa Pampanga**

2. Si Manny Pacquiao ay kilalang boksingero sa buong mundo.

Ano ang sinasabi tungkol kay Manny Pacquiao?
**kilalang boksingero sa buong mundo.**

## *Balikan*

Panuto: Ibigay ang pangalan ng bawat larawan na babanggitin ng iyong magulang o tagapag-alaga. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.



1. __1.____________________________



2. ______________________________



3. ______________________________



4. ______________________________



5. ______________________________



## Tuklasin

Basahin ang kuwento at unawain itong mabuti.

### Halina't Magtanim

ni Maria Monica C. Suarez



Maaga pa lamang ay abala na ang magkapatid na Roberto at Mina sa pagtatanim, pagdidilig ng halaman, at paglilinis ng kanilang bakuran. Ang kanilang pamilya ay sumali sa proyektong "Bayanihan sa Pagtatanim" ng kanilang barangay.

"Kuya Roberto, malinis na ang ating bakuran. Maaari na ba tayong magtanim?" tanong ni Mina sa kanyang kuya. "Oo, pwede na," sagot ni Roberto. "Ihanda na natin ang mga punla."

Maingat na itinanim ng magkapatid ang mga punla ng kamatis, okra, talong, sitaw at ampalaya sa kanilang bakuran. Pagkatapos, itanim ay diniligan nila ang mga ito.

Lumipas ang mga araw at namunga na ang mga itinanim na gulay ng magkapatid. Ibinahagi nila sa kanilang mga kapitbahay ang mga gulay mula sa kanilang bakuran. Buong pagmamalaking pinagmasdan ng kanilang mga magulang ang kasipagan at kabutihan ng kanilang mga anak. Tuwang - tuwa rin ang punong barangay at mga kapitbahay kina Roberto at Mina.

Panuto: Sagutin ang mga tanong. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
   a. Roberto at Mina
   b. Dan at Piolo
   c. Ana at Kara

2. Ano ang ginagawa ng magkapatid sa kuwento?
   a. Nagluluto ng almusal.
   b. Naglilinis at nagtanim sa kanilang bakuran.
   c. Pumapasok sa paaralan.

3. Ano ang tawag sa proyektong sinalihan nina Roberto at Mina?
   a. "Kalinisan sa Barangay"
   b. "Bayanihan sa Pagtatanim"
   c. "Kabataan Kontra Droga"

4. Ano-anong punla ang itinanim ng magkapatid?
   a. kamatis, okra, talong, sitaw at ampalaya
   b. sitaw, bataw, patani, at kalabasa
   b. upo, sitaw, kamatis, talong, at kalabasa

5. Ano ang natutuhan mo sa kuwentong iyong binasa?
   a. Magtanim ng gulay sa bakuran.
   b. Maligo araw-araw.
   c. Igalang ang mga nakakatanda.

## Suriin

Panuto: Piliin ang wastong simuno sa pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Magaling sumayaw si Nena.
   a. si Nena
   b. magaling sumayaw
   c. ay magaling sumayaw

2. Mabibilis maglakad sina Gino at Raniel.
   a. ay mabilis
   b. mabilis maglakad
   c. sina Gino at Raniel


3. Si Helen ay nabasa sa ulan.
   a. nabasa sa ulan
   b. Si Helen ay nabasa
   c. Si Helen

4. Ang mga bata ay naglalaro ng bola.
   a. ay naglalaro ng bola
   b. Ang mga bata
   c. ng bola

5. Pinakamalaking bundok sa Pilipinas ang Bundok Apo.
   a. sa Pilipinas
   b. ang Bundok Apo.
   c. pinakamalaki



*Mga Tala para sa Guro*
Ipagawa ang mga pagsasanay sa mag-aaral.



# *Pagyamanin*

## Gawain 1

Panuto: Basahin ang simuno sa bawat bilang. Hanapin sa loob ng kahon ang panaguri upang makabuo nang wasto at payak na pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

| |
|---|
| ay mga gamit sa pag-aaral. |
| ay magkaklase. |
| ay hugis bilog. |
| ay nagpunta sa dentista kahapon. |
| ay nagbibigay ng sariwang hangin sa atin. |

1. Ang bola ________________________________________.
2. Ang mga puno __________________________________.
3. Si Roni ___________________________________________.
4. Ang lapis at papel ______________________________.
5. Sina Ben at Mina _________________________________.

## Gawain 2

Panuto: Basahin ang mga nakasalungguhit. Lagyan ng tsek (✓ ) kung ito ay panaguri at ekis (x) kung ito ay simuno. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. <u>Ang bata</u> ay nagsusulat.
2. Si Rona <u>ay nagpunta sa parke.</u>
3. Ang aking aso <u>ay malaki.</u>
4. <u>Sina Jose at Wally</u> ay matalik na magkaibigan.
5. <u>Ang mga bisita</u> ay binigyan ng regalo.

## Gawain 3

Panuto: Piliin ang simuno sa loob pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Ang Bulkang Pinatubo ay matatagpuan sa Zambales.
2. Ito ay may malaking bukana.
3. Maraming aktibong bulkan ang pulo ng Luzon.
4. Ang tanawin papunta sa Bulkang Pinatubo ay maganda.
5. Maraming bato ang paligid ng Bulkang Pinatubo.

# *Isaisip*

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang sagot upang mabuo ang kaisipan. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| bahagi | simuno | mensaheng |
| panaguri | dalawang | |

Ang pangungusap ay may _________________ bahagi, ito ay ang _________________ at _________________.

Mahalagang malaman ang mga _________________ ng pangungusap upang maihayag nang maayos ang _________________ nais ipabatid.

## *Isagawa*

Panuto: Piliin ang wastong panaguri upang mabuo ang bawat pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang tsokolate ay ___________.
   a. matamis
   b. maasim
   c. maalat

2. Ang doktor ay ___________.
   a. nagtuturo sa paaralan
   b. gumagamot ng may sakit
   c. nagbubunot ng sirang ngipin

3. Ang pagiging magalang ay ___________.
   a. dapat iwasan
   b. hindi dapat ugaliin
   c. isang mabuting pag-uugali

4. Ang wastong pagtatapon ng basura ay ___________.
   a. nakakabuti sa kapaligiran
   b. nakadaragdag sa kalat
   c. nakakapagod na gawain

5. Ang pagkain ng gulay ay ___________.
   a. nagdudulot ng sakit
   b. nakakapagpalakas ng katawan
   c. hindi nakakabuti sa katawan

# *Tayahin*

Panuto: Makikita sa ibaba ang hanay ng mga salita. Bumuo ng pangungusap na may simuno at panaguri gamit ang mga salitang ibinigay. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

Halimbawa: puno mataas
Pangungusap : Ang puno ay mataas.

1. bag bago
2. lapis matulis
3. Remy masipag
4. Jose matalino
5. ospital Malaki

# *Karagdagang Gawain*

Panuto: Basahin ang kuwento. Itala ang mga simuno at panaguri na matatagpuan dito. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

Magkapitbahay sina Bert at Jed. Sila ay parehong nasa Ikalawang Baitang. Paborito nilang laro ang basketbol. Masayahin silang dalawa. Matalik na magkaibigan ang turingan nila sa isa't isa.

| Simuno | Panaguri |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

# Susi sa Pagwawasto

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Subukin**<br>1. D<br>2. C<br>3. E<br>4. A<br>5. B | **Balikan**<br>1. bulaklak<br>2. bata<br>3. aso<br>4. puno<br>5. mangga | **Tuklasin**<br>**Mga sagot sa tanong:**<br>1. a<br>2. b<br>3. b<br>4. a<br>5. a | **Suriin**<br>**1.** a<br>**2.** c<br>**3.** c<br>**4.** b<br>**5.** b |
| Pagyamanin | | | |
| **Gawain 1**<br>1. ay hugis bilog.<br>2. ay nagbibigay ng sariwang hangin sa atin.<br>3. ay nagpunta sa dentista kahapon.<br>4. ay mga gamit sa pag-aaral.<br>5. ay magkaklase. | **Gawain 2**<br>1. X<br>2. ✓<br>3. ✓<br>4. X<br>5. X | **Gawain 3**<br>1. Bulkang Pinatubo<br>2. Ito<br>3. Ang pulo ng Luzon<br>4. Ang tanawin<br>5. ang paligid ng Bulkang Pinatubo | **Isaisip**<br>dalawang<br>simuno<br>panaguri<br>bahagi<br>mensaheng |
| | | | |
| **Isagawa**<br>1. a<br>2. b<br>3. c<br>4. a<br>5. b | **Tayahin**<br>1. Ang bag ay bago.<br>2. Ang lapis ay matulis.<br>3. Masipag si Remy.<br>4. Matalino siJose.<br>Ang ospital ay Malaki. | Karagdagang Gawain (see table below) | |

**Karagdagang Gawain**

| Simuno | Panaguri |
|---|---|
| Sina Bert at Jed | ay magkapitbahay. |
| Sila | ay parehong nasa Ikalawang baitang. |
| ang basketbol | Paborito nilang nilalaro. |
| silang dalawa | Masayahin |
| ang turingan nila sa isa't isa | Matalik na magkaibigan. |

# *Sanggunian*

Balaso, Alili M., Rogador, Marissa C., Wikang Sarili 2. Quezon City:Abiva Publishing House,Inc. 2016 p. 457-461

DepEd Order No. 89 s.2020. Most Essential Learning Competencies Filipino, Grade 2 Quarter 4 pp. 150

Dreo-Lozandem, Eden. Wika at Buhay 3. Pasig City 1605:ICI Ministries Inc.,2010. pp. 214-216

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. *Ang Bagong Batang Pinoy Filipino 2 Kagamitan Ng Mag-aaral.* Pilipinas: Rex Book Store Inc.2013.pp 511-512

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph